

## 1

---

*Uzi Kasi***Bea's POV**

“Ang guwapo niya talaga!” kinikilig-kilig pang sabi ni Sandra habang nakatingin sa kung sino.

Narinig ko ring nag-uusap ang ibang babae sa cafeteria.

“He’s coming!” Nakita ko pang inayos ni Sandra ang buhok niya. Napakunot-noo ako dahil alam ko naman kung sino ang tinutukoy niya. Si Mr. Popular. Si Lex.

Tumingin ako sa kanyang gawi. Ilang dipa na lang pala ang layo ng lesak na ’yun.

’*Eto na naman kami*, isip-isip ko nang makita ko siyang nakangising palapit sa amin. Di yata buo ang araw ng lalaking ’to kapag hindi ako iniinis.

“Hello, Maurice!” Ngumiti siya at naupo pa talaga sa harap ng upuan ko.

Beatrice Maurice Antonio ang full name ko, pero ‘Bea’ sa mga kaibigan ko at mga kapamilya; bukod tanging itong unggoy ang tumatawag sa akin ng ‘Maurice’. Ewan kung bakit.

“Hi, Sandra,” baling niya sabay kindat sa kaibigan ko na humiwalay yata ang ispiritu sa katawang lupa.

“Ano na naman? Naligaw ka yata?” tanong ko bago sumubo ng pagkain.

Dumukwang siya para makita ang ulam kong paksiw na *gigi*. Napatawa ako nang makita ko ang itsura niya.

“That’s disgusting, Maurice! How can you eat that sardines with vinegar?” reklamo ni Lex sabay takip ng ilong.

“Galunggong ito at hindi sardinas, ’no! At ikaw, lumayas ka sa

harap ko kung wala kang sasabihing maganda, pwede ba!” asik ko sabay hampas ng kutsara sa braso niya.

“Yuck!” Napaamoy si Lex sa braso na natamaan ng mamasa-masa kong kutsara. “Grabe ka talagang babae ka!” Tumingin siya sa paligid na parang may hinahanap. “I need wet tissue!” aniyang nagpa-panic.

Napahagalpak ako ng tawa. Matalim ang ibinigay niyang tingin sa akin.

Si Sandra na ipinanganak yatang Girl Scout, eh, nag-abot ng wet tissue at naglabas pa ng alcohol at pabango bago maunahan ng ibang babae na tarantang nagsisipaghalungkat sa kani-kanilang mga gamit.

“I hate this smell!” Inamoy ulit ni Lex ang braso. “Ba’t ang kapit ng amoy?!” Hindi siya magkandatuto sa pagpunas.

Halos maubos na niya ang wet tissue ni Sandra. Ako naman ay maiyak-iyak na sa katatawa.

“Ayan kasi. Mang-iinis-inis ka tapos ikaw pala ang pikon.” Niligpit ko na ang pinagkainan bago umikot sa kinauupuan ni Lex.

Nanlaki ang mata niya nang ilapit ko ang mukha ko sa kanya. Siguradong amoy na amoy niya sa hininga ko ang isda at suka na sabi niya ay ayaw niya.

“Ikaw, siguraduhin mo lang na kapag lalapit ka at mang-iinis, hindi ako ang mananalo. Okay?” Pinatakan ko ng halik ang ilong niya at muntik na akong humagalpak ng tawa nang halos tumalon siya sa gulat.

Tapos, tinalikuran ko na siya at mabilis na lumabas ng cafeteria habang hila si Sandra.

“Witch!” naringgan kong sabi ni Lex pero di ko na siya pinansin.

Napasulyap ako sa relo ko. Mag-aalas sais na pala ng gabi. Sabi ko kay Nanay, hanggang alas singko lang ako sa library dahil nga may kailangan akong tapusin. Maulan pa naman.

Naglalakad na ako sa parking lot ng school dahil shortcut 'yun papunta sa gate nang mapasulyap ako sa kotse ni Lex na isang 4x4 *Mercedes Benz* dahil gumagalaw iyon. Nagpalinga-linga ako pero ako lang ang tao sa lugar.

At dahil sadyang uzi ako, nilapitan ko ang kotse at sinilip.

Ano kaya'ng ginagawa ng loko? Nangingiti akong lumapit sa sasakyan.

Para namang walang tao d'un. Slightly tinted pa ang bintana kaya medyo mahirap umuzi. At dahil patuloy pa rin ang mahinang pag-uga ng kotse (take note: di ako takot sa mumu), talagang idinikit ko pa ang mukha ko sa bintana sa bandang likuran ng sasakyan.

Nanlaki ang mga mata ko sa nakita ng aking virgin eyes!

Oh, my itay! Ano ba itong nakikita ko?!

Napatalikod ako at napahawak sa dibdib. Nanghihina akong napasandal sa pinto ng kotseng sinilipan ko.

Sus ginoo!

Di man lang naghanap ng kwarto ang dalawang ito!

Tinuktok-tuktukan ko ang sarili ko para maigalaw ang mga paa ko.

I need to leave this place as fast as I can!

## Lex's POV

Ewan ko ba pero bigla akong napatingin sa bintana ng kotse. Nawala ang konsentrasyon ko sa ginagawa nang makilala ko ang babaeng nakasandal sa pinto ng sasakyan ko: Si Maurice.

Tuluyan na akong humiwalay sa katawan ni Bianca at tiningnan ko ang mabagal na paglakad ni Maurice na nauwi sa

pagtakbo.

“Hey, Lex, what’s wrong?” Hinalik-halikan ako ni Bianca sa dibdib, pilit akong niyayakap.

Para akong binuhusan ng yelo. Wala na ang init na naramdaman ko kanina. “Fix yourself. I’ll drop you home.”

Nakita ko ang gulat sa mga mata ni Bianca nang magtaas ako ng zipper at bumaba ng kotse upang lumipat sa harapan.

“Lex! Don’t tell me you will just stop just like that!” galit na sigaw niya nang makaupo na ako sa driver’s seat.

“You had your orgasm, right? Sorry, wala na talaga akong gana.”

Narinig ko siyang bumulong-bulong.

Bianca is beautiful, no doubt. She’s the campus queen. Maganda, sexy, mayaman. Kung ang ibang lalaki ay gusto siyang maging steady girlfriend; ako naman, iniawasan ko ang commitment. Ayokong matali kahit kanino. Nunca! I love being single.

Napatingin ulit ako sa labas ng kotse. Wala na si Maurice.

Then, a devilish idea came into my bright mind.

Di ko maiwasang mapahalakhak na lalong ikinasimangot ni Bianca.

## Bea’s POV

Di ko alam kung paano ako nakarating ng bahay. Kulitan na naman ng tatlong itlog kong mga kuya ang nadatnan ko.

“Bea,” tawag ng tatay ko.

“Kulangot!” tukso ni Kuya Remi.

“Tricia.” Si Kuya Arthur.

“Maurice.” Si Kuya Cedie.

“Beatrice Maurice!” Nanay ko.

Doon ako natauhan at napatingin sa kanila. Lahat pala sila ay

nakatingin sa akin.

“Ano ba’ng nangyayari sa ’yo at kanina ka pa tulala diyan?” sita ni Kuya Remi sa akin.

“May umaway ba sa ’yo sa school?” nakakunot naman ang noong tanong ni Kuya Arthur.

Umiling ako at sumubo ng kanin.

“Di ba paborito mo ang adobong kangkong? Bakit nga wala kang gana?” pangungulit ni Kuya Cedie.

“Masakit puso ko, may magagawa kayo?” Inirapan ko sila. Buti na lang at ’yun ang nasabi ko, dahil for sure, di na ako kukulitin ng mga pasaway.

“O siya, bilisan mo ang pagkain. Akala pa naman namin, may hindi magandang nangyari sa ’yo.” Binalingan ni Nanay si Kuya Cedie. “Ikaw muna ang maghugas ng plato at masama pala ang pakiramdam ni Bunso.” Nakita kong tumango si Kuya.

Nakahiga na ako sa kama pero parang bangungot na naglalaro pa rin sa utak ko ang eksena kanina.

Antok, dalawin mo ako!

2

---

## *Payag Ka O Hindi?*

### Lex's POV

Hmm, mukhang abala ang maldita. Tanaw ko si Maurice na kasama ang ibang kklase niya habang kasama ko ang mga teammates ko sa soccer.

“Uy, mauna na kayo, puntahan ko lang girlfriend ko,” paalam ni Val sa amin. Naalala kong ang girlfriend niyang si Mye ay kklase nga pala ni Maldita.

“Samahan na kita. Wala naman akong gagawin,” sabi ko at nagpaalam na kami sa grupo. Di ako mapakali kapag di ko nakakausap si Maldita. Halos isang linggo na akong tinataguan n’un, eh.

“Hi, ladies!” Ako na ang naunang bumati.

Lahat ng girls ay bumati sa akin maliban sa kanya. Nakangiti kong tinabihan si Maurice na hindi man lang nag-angat ng ulo.

“Sumunod ka sa akin after five minutes. Ite-text ko sa ’yo kung saan,” bulong ko sa kanya bago ako tatawa-tawang tumayo dahil halos ibaon na niya ang mukha sa binabasang libro.

“Ang ka...pal!” Nanlalaki ang matang napatingin sa akin si Maurice.

Nakangiti at pasimpleng iwinasiwas ko ang daliri ko sa kanya.

“Hey, guys, nakita n’yo ba si Bianca?” tanong ko habang sinusulyapan si Maurice na namumula na ngayon ang pisngi.

Nag-ilingan ang mga kasama niya.

“Ikaw, Maurice, alam mo ba? May kasalanan kasi ako sa kanya last time na nagkasama kami. D’un sa may parking lot.”

Napatingin ang mga kasama niya sa kanya.

“Malay ko sa 'yo, baliw!” asik niya at nagmamadaling iniligpit ang gamit bago nagpaalam sa mga kasama.

“Ano'ng nangyari d'un?” tanong ni Sandra.

“Asar talo syempre.” Nagpaalam na rin ako sa kanila bago ko sinundan si Maurice.

“Alam mo kung di ko lang alam na hilig lang asarin ni Lex si Bea, iisipin kong may gusto siya r'un.” Narinig kong sabi ng isa sa mga babaeng nakaupo sa damuhan na nadaanan ko.

Lumington ako at kinindatan sila. Kinilig naman 'yung nagsalita kanina. I know how to use my charm especially when I really need to. Sabi nga ng mga barkada ko, ngiti ko pa lang, ulam na daw ng mga kababaihan sa campus.

Naabutan ko si Maurice at agad ko siyang hinila sa malapit na fire exit. Isinandal ko siya sa pinto.

Matalim na tingin ang ibinigay niya sa akin. “What do you want, Lex?”

Alam kong kinakabahan siya dahil nagbubutil ang pawis sa kanyang noo.

“Hindi ko alam na ang number one dean's lister sa Education Department, eh, napakausisera pala,” bulong ko sa tenga niya saka hinipan iyon.

“Ano ba'ng sinasabi mo?” Itinukod niya ang dalawa niyang palad sa dibdib ko na agad din niyang binawi.

Napangiti ako.

## Bea's POV

Ano ba'ng gusto ng lalaking 'to at bakit kung makabulong para akong inaano?

Binawi ko ang mga kamay ko dahil nang nahawakan ko ang dibdib niya, bigla kong naalala ang nakita ko sa loob ng kanyang sasakyan. Lalo akong pinagpawisan.

“You’re not a good liar, Ice,” bulong niya ulit na ang mabangong hininga, eh, amoy na amoy ko sa sobrang lapit.

Teka, ICE?! Saan galing ’yun?

Napatingin ako kay Lex. “Pwede ba, ’wag mo akong matawag-tawag na ‘Ice’! At ano ba’ng pinagsasabi mo d’yan?” Isang malakas na tulak ang ginawa ko. Akala ko makakatakas na ako kaso hinila niya ako pabalik.

“Oooppsss. Not so fast, Princess. Kung di mo maalala, ipapaalala ko sa iyo.” Isinandal niya ulit ako sa pinto at tinitigan. “Alam mo ba na I was about to reach my peak that day kung hindi ka tsismosa? Alam mo ba ang hirap na naranasan ko n’un?”

Nanlaki ang mga mata ko sa narinig ko. Lalo akong kinabahan! May balak yata siyang masama sa akin! Bigla kong niyakap ang sarili ko sa takot. But of course, I cannot let him notice that!

## Lex’s POV

Cute pala si Maldita kapag nagba-blush.

Natutuwa akong nakikita siyang namumula ang mukha habang nakaawang pa ang mga labi na sa tingin ko, eh, walang lipstick pero mapula.

“Ano’ng naisipan mo at sinilip mo ang kotse ko?” tanong ko sa kanya.

“Eh, akala ko kung ano’ng nangyayari dahil umuuga ang kotse mo! Malay ko bang may ginagawa kang milagro,” malditang sagot niya sa akin. Umirap pa ang lukaret na tsismosa!

“Eh, sino ba naman kasi ang may sabi sa ’yong maging tsismosa ka, ha?” Di ko na napigilang kurutin ang ilong ni Maurice. May katangusan kasi iyon bagaman maliit. Bagay sa mukha niya.

“Ikaw...” Dinutdot ako ng hintuturo niya sa dibdib. “Ang



yaman-yaman mo, pero hindi ka makakuha ng kwarto? Kuripot ka pala!” At ngumiti pa!

Napaawang ang bibig ko. Ang ganda pala niyang ngumiti.

*Hey, Lex! Not Maurice! Lagot ka sa lolo mo.* Parang may naririnig akong nagsasalita sa kanang bahagi ng utak ko.

“Alam mo, Ice, kapag inabutan ka, wala ka nang magagawa kahit saan pa ’yan. ’Yun ang pinaka-convenient sa akin, eh.”

Lumayo ako sa kanya dahil iba na ang nararamdaman ko. Parang lumiliit ang puwesto namin.

“I see. ’Yun pala ang naririnig ko sa mga kuya kong kurimaw. Eh, pasensya naman. Akala ko kasi kung ano na ang nangyayari sa iyo, eh. Concerned citizen lang po,” aniya at nag-peace sign.

“At dahil nabitin ako, ikaw ang pupuno n’un.” Iyon ang very bright and devilish kong idea.

“Anong ako? Hoy, hinayupak ka! ’Wag mo nga akong pagtripan, pwede ba?!” Ayun, namumula na naman siya. Naaliw talaga akong makita siyang gan’un.

“One week, Ice. Isang linggo kang magiging *alipin* ko.”

“Ulitin mo nga? Parang di ko narinig?” Inilapit pa talaga niya ang kanang tenga sa akin.

“One week kitang magiging alipin. Especially sa practice namin. But I want you to wear shorts, ha. Kasi....”

Bigla na lamang humalakhak si Maurice.

Humalukipkip ako. “What’s funny?” Pinanlakihan ko siya ng mata. Humina naman ang tawa niya.

“What’s funny kamo? Ikaw ang funny. Do you think papayag ako? Eh, sa ating dalawa, ikaw itong nasa alanganin. Isang sabi ko lang ng, ‘Don Alejandro, ang apo n’yo po, nagkakalat sa campus’, ewan ko lang kung ano ang gawin n’un sa ’yo,” aniyang di mapigilan ang tawa.

“You can tell Lolo about it, for all I care! Ang inaalala ko, eh,

ikaw...” Sadya kong ibinitin ang sasabihin ko.

She looked so puzzled.

“Think about it, Ice. Dahil kung hindi, face the consequences ng nangyari sa akin nang araw na iyon.” I blew her a kiss saka nauna nang lumabas ng fire exit.

Halos mapatalon ako sa tuwa! Naisahan ko rin ang maldita sa wakas!

## Bea's POV

“Di ko alam kung ano ang ginagawa ko dito, imbis na gumagawa ako ng assignment,” bubulong-bulong kong kausap sa sarili ko.

Hawak ko ang towel ng abnormal na si Lex. Kasalukuyang nagpa-practice sila ng soccer. Di ko nga sinunod ang gusto niyang mag-shorts ako. Ano si Lex, sinusuwerte?

Guwapo talaga ang loko pero walang makakaalam sa buong sanlibutan na crush ko ang mokong na 'yun!

*Inakupo! Ayan na! Palapit na siya! Behave, Bea. Behave!*

Bakit kaya nasalo ng lokong ito ang lahat? Lalong gumuguwapo kapag ngumingiti.

“Hi! Pakipunasan naman ang likod ko o, please?”

Halos hindi ko maidampi sa likod ni Lex ang towel dahil nagtanggap pa siya ng t-shirt!

“Oy, paano mo makikita ang likod ko kung nakapikit ka?”

Napadilat ako at noon ko nalaman na hindi pala likod ni Lex ang nakaharap sa akin kundi ang dibdib niya!

“Ayyyy!” tili ko sabay bato ko ng towel sa kanya at takbo palayo. Tawa naman nang tawa ang unggoy!

Napatigil ako nang hawakan niya ako sa braso. Kabilis talagang tumakbo ng loko.

“Teka nga! Bakit ka ba takbo nang takbo? Eh, humarap lang

naman ako sa 'yo kasi di mo naman pinupunasan likod ko. 'Yun naman pala nakapikit ka." He showed me his perfect set of teeth.

Tinampal ko ang dibdib niya. "Eh, 'wag ka kasing nanggugulat. Paano kung d'un dumapo 'yung towel?" Alam kong namumula na ako.

"Eh, di okay 'yun! Ayaw mo n'un, bayad ka na sa one week?" Kumindat pa si Mokong.

Pinanlakihan ko siya ng mata at akmang tutuhurin ko nang mahawakan niya ang tuhod ko.

"Not so fast, Honey. You can hit me anywhere but not there. 'Yan ang kinabukasan ng lahi ni Lolo." Pabiro ngunit halatang seryoso si Lex sa sinabi.

Napansin kong nakatingin sa amin ang mga teammates niya pati coach nila. Lahat nakangiti.

Tumalikod ako at nagmartsa pabalik sa bench. Kinuha ko ulit ang towel at halos mapapikit ulit ako nang ilapit niya ang likod sa akin. Nilagyan ko pa iyon ng baby powder pagkatapos kong punasan.

"Sa face ko naman, Honey. Sobra ang pawis ko, eh." Diniinan ko ang pagkakapisil sa ilong niya habang pinupunasan ang guwapong-guwapo niyang mukha.

"Aray naman!" Iniiwas niya ang mukha. "Sabi ko, punasan mo, hindi patayin ako." Hinimas-himas niya ang nasaktang ilong.

"Sorry naman po, Honey ko. Alam mo namang pinalalabas ko ang pawis mula sa pores ng ilong mo, eh." Umakma akong kunwa ay hahawakan iyon ulit.

"Ayoko na! Sadista ka talaga! Kaya siguro wala ka pang boyfriend dahil ang bigat ng kamay mo."

"Kailangan ko ang opinyon mo, ha?!" Inirapan ko siya.

Sasagot pa sana sa akin si Lex nang marinig niya ang pito ng coach nila. Iniwan na niya ako.

*Ikaw kasi ang gusto ko. Sa isip lang 'yun, ha, di pwedeng sabihin.*

*My heart, my heart, my heart. Magkakagusto ka lang, sa playboy pa!*

## 3

---

*Bye Bye Love***Bea's POV**

“Uy, alam n’yo ba ang balita? Aalis na daw si Lex!” balita ni Mye sa amin.

Bigla akong nanigas mula sa pagkakayuko ko. Hindi ko ipinahalatang apektado ako sa sinabi niya.

“Hindi nga? Saan mo naman nabalitaan ’yun?” tanong ni Sandra kay Mye.

“Kanino pa, di sa pogi kong boyfriend. Nagpaalam na raw sa kanila kahapon,” kuwento niya habang ngumunguya ng potato chips.

Nagulat ako nang kalabitin ako ni Sandra. Umungol lang ako. “Ikaw, Bea, wala ka bang alam tungkol d’un?” tanong niya sa akin na ikinagulat ko.

Pag-angat ko ng ulo, nakatingin na pala silang lahat sa akin. “At bakit naman ako ang tatanungin n’yo? Kaanu-ano ko ba ’yun?” Sumimangot ako.

“Eh, lagi mong kasama si Lex, di ba?” rason ni Ella.

“Matagal ko na kayang hindi nakikita ang mokong na lalaking ’yun, ’no!”

Iyon ang totoo. Matapos niya akong pahirapan nang isang linggo; where in naging nanay niya ako, kusinera, nanny, teacher at kung anu-ano pa, bigla na lang siyang hindi nagpakita.

*It hurts!* reklamo ng puso kong nalulumbay. Akala ko pa naman kahit paano, may mangyayaring maganda sa aming dalawa.

“Tsaka the last thing I heard, dine-date niya si Karen Swynowski ngayon. Eh, nuknukan ng selosa ’yun.” Isa si Karen sa

campus sweethearts. Matinding kalaban din ni Bianca sa pagiging queen bee. Kulang na lang magsabunutan ang dalawa kapag nagkakaharap.

“Ayokong mapasama sa awayan ng mga tigre ng school kaya iwas-iwas,” sabi ko sabay ngiti.

Napatango sila. At di nagtagal, abala na ulit sila sa mga pinag-uusapan.

Biglang nag-vibrate ang phone ko. May nabasa akong SMS. Galing sa kurimaw na si Lex.

*‘Be at the fire exit by 5pm. I’ll tell you something.’*

Di ko nga ni-reply-an. Bahala siyang maghintay! May lakad kami ni Kuya Remi mamaya.

## Lex's POV

Nabuburaot na talaga ako. Kanina pa ako naghihintay dito sa fire exit, wala pa din ang maldita. Siya lang ang nagpaimportante sa akin nang ganito.

Napalingson ako nang bumukas ang pinto. Sumungaw ang bansot na suplada. Nakahinga ako nang maluwag.

“Ano ba’yung sasabihin mo? Five minutes lang dahil ayaw ni Kuya Remi na maghintay nang matagal.” Isinara niya ang pinto at humalukipkip. Halatang galing siya sa pagtakbo dahil hinihinal pa siya. “What now?” tanong niya ulit.

“I’m leaving,” sagot ko.

“I know. I heard. What’s the big fuss about it?” Tila wala man lang pakialam sa akin nang magsalita siya.

“Gan’un lang’yun? Di ka ba malulungkot?” Akala ko pa naman, maiiyak siya sa lungkot dahil magkakahiwalay kami.

She shook her head then smiled. Ewan ko kung guni-guni ko lang pero parang di umabot ang ngiti ni Maurice sa mga mata niya. “Kailan ka aalis? Babalik ka ba ulit? Ayan ha, interesado na

ako.” Naupo siya sa tabi ko.

“Sa makalawa na ang alis namin. May party mamaya. Farewell party. Umm... ano...” Napalunok ako.

“Ano na?” inip na tanong niya.

“Ano... please come. Tutal, naging close din tayo kahit paano, I want you to come.” At last, nasabi ko rin.

Natigilan si Maurice. Alam kong nagulat siya.

I handed over the invitation to her.

“I’m not sure about it. May lakad talaga kami ni Kuya Remi ngayon. Di ko alam kung makakadaan ako.”

“Okay, Ice. Ikaw ang bahala. I just gave you that just in case,” turan ko. I’m really disappointed. Last day nang makakasama ko siya ngayon. I tried very hard to avoid her, pero di ko matiis.

Nagulat kami pareho sa lakas ng pag-vibrate ng phone ni Maurice. Tinatawagan na pala siya ng kapatid niya.

“Oy, Kuya, wait lang naman. I’m on my way. Ikaw kaya ang late! Ang tagal kitang hinintay sa gate!”

That answered my question kung bakit nahuli siya sa usapan namin. “O paano ba ’yan. Andyan na ang kuya ko. Basta ingat ka, ha,” she said and offered her hand to me.

Hesitantly, I accepted it. Ngayon ko na-appreciate nang sobra ang paghahawak namin ng kamay.

“See you when I see you.” I smiled at her.

She smiled back and withdrew her hand. Tumulikod na siya at naunang lumabas ng pinto.

Hindi ko na siya hinabol kahit na gusto ko. Mahirap na. Baka magpaiwan pa ako sa mga magulang ko.

## Bea's POV

Nagulat ako nang kutusan ako ni Kuya Remi. Kanina pa pala ako nakatunganga sa harap ng pagkain.

“Aray naman! Kung makabatok, wagas!” Pinukpok ko ng kamao ang baba ko pataas. Mahirap na, baka maging bobo ako.

“Ikaw, ang lakas ng loob mong magpalibre sa akin ‘tapos you will ignore the food?” Sumimangot ang pogi kong kuya.

“Pasensya naman. May iniisip lang,” dahilan ko sabay kagat sa paborito kong burger. Nasa *Hardees* kaming dalawa.

“Ano ba ‘yun, Kulangot?” Yun ang endearment niya sa akin.

“Tingin mo ba, Kuya, kung magpapaalam ako kina Tatay, papayagan akong pumunta sa mga Falcon mamaya?” Close ako sa lahat ng kuya ko at walang pwedeng itago sa kanila.

“What for? May party ba?” tanong niya bago sumubo ng fries. Tumango ako.

“Oo naman. Di naman mahigpit mga parents natin. Teka, what time is the party?” Napasulyap siya sa relo niya.

Dinukot ko sa bag ang imbitasyon na iniabot kanina ni Lex sa akin at ipinakita kay Kuya. Kinuha niya iyon at binasa.

“Until what time?” tanong niya uli.

Nagkibit-balikat ako. “Dunno. Knowing those rich people, for sure, hanggang umaga ang party.”

Muli niyang ibinalik ang invitation sa sobre at iniabot sa akin.

“Okay, finish your food tapos uwi na tayo. Ipagpapaalam kita.”

Ilang oras pagkatapos, handa na akong pumunta sa party.

Gan’un lang din kadaling magpaalam sa pamilya ko.

Walang kung anu-anong tanong. Sobra kasi ang tiwala nila sa akin. Actually, sobra ang tiwala ng magulang namin sa aming magkakapatid. Inihatid ako ng tatlo kong kuya sa hotel na pagdarausan ng party nina Lex.

“Sis, by twelve, nandito na kami, ha?” paalala ni Kuya Arthur sa akin.

“Twelve talaga? Di pwedeng one naman? Parang Cinderella lang ang peg!” Humalik ako sa pisngi niya.



“Sige na. One. ‘Pag tinawagan kita, kahit ano pa ang ginagawa mo, you’ll leave it,” bilin ni Kuya Cedie na humalik sa buhok ko.

Yumakap si Kuya Remi sa akin bago ako masuyong itinulak papasok ng hotel na kasalukuyang pinagdarausan ng party.

I smiled and waved at them before I hurriedly went inside the hotel.

Tinawagan ko si Lex to inform him na nakarating ako at hindi ko makita kung saang hall ang party niya. Itinanong niya kung nasaan ako banda. ‘Wag daw akong aalis doon.

At hayun siya, the dashing Lex. Ang guwapo-guwapo niya. Nagulat ako nang yakapin niya ako.

“At last you came! Sobrang bored ako sa loob,” aniya at pinakawalan ako.

“Bakit, wala ba tayong mga schoolmates d’un?”

“Meron. Pero ayoko na d’un.” Hinawakan niya ang kamay ko at hinila ako. Sumakay kami ng lift.

“Saan tayo pupunta?” takang tanong ko kay Lex.

“Gusto kitang makasama nang walang istorbo.” He smiled at me at muli akong hinila nang makarating kami sa 19th floor.

May inilabas siyang susi at binuksan ang isang kwarto doon. Automatic na nagbukas ang ilaw ng silid. Maganda at malawak iyon.

“Ano’ng ginagawa natin dito?” Strange, pero di ako natatakot.

“Kumain ka na ba?” Nilingon ako ni Lex habang tinatangal ang suot niyang kurbata.

Tumango lang ako.

May kinuha siyang alak sa bar at ngumiti. “Do you drink?”

Tumango ako. “Konti lang.”

*LLAR!* sigaw ng isip ko. Eh, ang totoo, sanay akong uminom dahil sa mga kuya ko. Di agad ako nalalasing. Pero syempre, dapat, pa-girl.

“Good. Then, let’s drink.” Naupo si Lex sa sahig pagkatapos kunin ang remote. Tinapik niya ang kanyang tabi pahiwatig na umupo ako doon na siya kong ginawa.

Ang dami naming napagkuwentuhan. Napapansin ko na malapit nang maubos ang iniinom namin. Si Lex, halatang lasing na. Ako, kerì ko pa ang sarili ko.

“Alam mo bang gustung-gusto kitang halikan tuwing ngumunguso ka?” aniya sabay tawa ng loko.

Natawa ako. “Bakit di mo gawin?” I said and pouted my lips. Napatigil siya at tiningnan ako bago ako hinalikan.

At first, padampi-dampi lang pero kalaunan, lumalim ang halik niya. Doon ako nag-panic. Hindi dahil natatakot ako sa mga susunod na mangyayari, kundi dahil wala akong alam sa mga ganoong bagay. First time ko ‘to, ‘no!

“I know this is your first time, Ice. Promise, I’ll be gentle.” And he laid me on the floor.



Vibrate ng cellphone ko ang nagpagising sa akin. Si Kuya Cedie ang tumatawag.

“I’ll be out in ten minutes,” sagot ko at napalingon sa tulog na si Lex sa kama. Nakarating din pala kami dito.

Maingat kong inalis ang braso niyang nakapulupot sa baywang ko. Dinampot ko ang mga nagkalat na damit sa sahig.

Naghanap ako ng toothpaste sa banyo at nagmumog. Mabilis din akong naghilamos bago nagbihis.

Palabas na sana ako ng pinto nang malingunan kong natutulog pa rin si Lex. Nilapitan ko siya at kinintalan ng halik sa labi.

“Goodbye, Love,” I whispered and hurriedly left the room.

4

---

*Back In Town***Lex's POV**

Naramdaman ko ang ang pagsayad ng gulong ng eroplano sa runway. *Touchdown Manila.*

I looked outside the window. Isa-isa nang kumukuha ng kaniyang gamit ang mga pasahero. Hindi na muna ako makikigulo sa kanila.

“Son,” tawag sa akin ni Daddy. Nilingon ko siya. “Balak mo bang bumalik ulit sa America sakay nitong eroplano?” nangingiting tanong niya.

Napatawa naman si Mommy.

“You know how I badly want to go back,” sagot ko bago tuluyang tumayo.

Naalala ko kasi si Tracy. Siya ang longest relationship na nagkaroon ako. Two years na kami. Kung hindi lang kailangan ni Daddy na isama ako to help him regarding one of our company branches here at kung hindi kami kailangan ni Lolo, hindi ko siya iiwan doon. I want to propose to her. I think she's the right woman for me.

Nakalabas na kami ng airport. Sinundo kami ni Mang Gusting, ang aming loyal na driver.

Almost seven years na kaming wala sa Pinas, pero ganito pa rin ang lungsod. Walang ipinagbago.

“How was Lolo, Mang Gusting?” tanong ko habang patanaw-tanaw sa labas ng sasakyan.

“Ayos na naman ang Señor kaso minsan, nag-aalala kami,” sagot niya. “Mabuti nga po at naparito na kayo dahil medyo

mapapahinga siya sa trabaho. Masyadong masipag pa rin.”

Tumango lang ako.

“Mang Gusting, pakidaan kami sa opisina,” biglang sabi ni Daddy na ikinalingon ni Mommy sa kanya.

“Dad! Kakarating lang natin, ha?” sabay hawak sa kamay ng ama ko.

Naiiling akong napangiti. Hanggang ngayon, walang ipinagbago ang dalawa.

“Kami lang naman ni Lex ang bababa, Hon. Papa is there. Importante ang mga nangyayari ngayon sa opisina. Please do understand.”

Nakita kong tumango si Mommy bago humilig sa balikat ni Dad.

“Is it okay with you, Lex? Sabak agad sa trabaho?” nangingiting baling sa akin ni Dad.

“Of course! I am always ready and you know that.” Kinindatan ko pa si Mommy na nakangiti.

Iyon naman ang purpose namin doon. Mas mabuti nang matapos namin iyon nang mas maaga. Ayokong magtagal dito.



Tiningnan ko ang mga model ng kotse sa garahe. Nakita ko ang *Bugatti* na binili ni Lolo sa akin para magamit dito.

Sumakay ako roon. I need to do shopping. Mukha kasing matatagalan pa kami rito sa Pilipinas dahil sa mga kaganapan sa opisina kahapon. Hindi pa naman ako masyadong nagdala ng mga damit.

Palabas na ako ng mansyon nang may makita akong babaeng kausap ng guard namin sa bahay. Pinatuloy niya ito. Mukhang kilala siya ng guwardiya. Sinundan ko ng tingin ang nakatalikod na babae.

“Who is that?” tanong ko kay Dante, ang guwardiya.

“Si Ms. Antonio, Sir. Pinapatawag po kasi ng lolo n’yo.”

“Ano siya ni Lolo?” Ewan ko kung bakit interesado ako.

“Siya po ang naghahawak ng funds sa foundation. Pero alam ko, teacher siya,” sagot niya.

“Ganoon ba? O sige. Salamat.” And I drove out to the nearest mall.

Kasalukuyan akong naglalakad patungo sa men’s section ng mall nang may maringgan ako.

“Saan na kaya Lolo at Lola ko?” sabi ng isang bata na lumabas mula sa mga naka-hanger na damit. Nagpalingon-lingon siya sa paligid.

Napansin niyang nakatingin ako sa kanya. “Mama, nakita n’yo po ba grandparents ko? Nakatayo lang po sila kanina diyan, eh,” tanong niya sa akin habang tinuturo ang puwestong di-kalayuan sa amin.

Umiling ako. “Eh, bakit ka humiwalay sa kanila?”

Nag-squat ako para makatapat ko ang mukha niya.

Napakapoging bata. Maputi, chubby. Ang dimples sa magkabilang gilid ng labi ay lumalabas tuwing nagsasalita. Astig pumorma. Naka-polo at shorts habang ang shoes, eh, leather yata. He has silky long hair na hanggang balikat. Pantay-pantay ang buhok at hindi buntot lang.

Parang ako lang. Guwapo.

“I was just playing hide and seek. Perhaps, they are looking for me.” Nakita kong parang iiyak na siya.

“Okay, little boy. Don’t cry. Hahanapin natin ang grandparents mo,” sabi ko at binuhat ang bata.

“Bakit n’yo po ako binuhat? Baka magalit po mommy ko.” Kumawag-kawag siya.

Natawa ako. “I’m not a bad person. Actually, pupunta tayo sa Customer Service para hanapin sila,” paliwanag ko at salamat

naman dahil tumigil siyang maglilikit.

Nakarating kami sa destinasyon namin. Magandang ngiti ng representative ang sumalubong sa akin. “What can I do for you, Sir?” Inayos-ayos pa niya ang buhok niya.

Ngumiti rin ako. “Actually, I want you to help this young gentleman here.” Iniupo ko ang bata sa counter. Inilahad niya ang kamay sa Customer Service rep na ikinagulat ng huli. Ako din nagulat sa inakto ng paslit.

“What can I do for you, young man?” Di pa rin nawawala ang ngiti ng babae. May pasulyap-sulyap pa sa akin.

“I’m lost. Gusto ko pong makita ang lolo at lola ko. My name is Alexis Mason Antonio and I’m six years old.”

Madaldal talaga. Natutuwang pinisil ko ang pisngi ng bata. “Pareho pala tayo ng pangalan, eh. I’m Alexis Falcon. But they call me ‘Lex’.” Ako naman ang naglahad ng kamay sa kanya na tinanggap naman niya.

Narinig kong nag-announce na ang babaeng kausap namin kanina sa paging system.

“Alex’ naman po ang tawag nila sa akin. Yung mga girls sa school ‘Lex’,” pangiti-ngiti niyang sabi. “But my mom calls me ‘Mason’.”

“Excuse me, Sir. P’wede po kayong mag-stay sa waiting room habang hinihintay pong dumating ang grandparents niya,” sabi sa akin ng babae.

Tumango ako at binuhat ulit si Alex.

“Alexis!” narinig kong may tumawag sa akin.

“Lola!” Kumawala sa akin ang bata at nagtatakbong lumapit sa isang matandang babae. Nagyakapan ang mga ito.

“Ikaw bata ka, umiral na naman ’yang kalokohan mo. Kandaiyang ang lola mo,” sabi ng matandang lalaki na malamang ay siyang abuelo ng bata at pinugpog ng halik ang kausap.

“Sorry po. Tatago lang naman ako kaso paglabas ko po, wala na po kayo. Sorry po ulit, Lola.” Hinawakan pa niya ang mukha ng matanda at hinalikan ito.

“Wag na ’wag mo na iyong uulitin, ha? Hindi ko alam ang gagawin kapag may nangyaring masama sa ’yo.”

Napangiti ako nang makita ko ang ginagawang pagpupunas ng bata sa luha ng abuela.

Tumango siya at hinila ang kamay ng dalawang matanda bago lumapit sa akin.

“Lolo, Lola, si Mr. Alexis Falcon. Siya po ang hero ko,” pakilala niya sa akin.

“Naku! Maraming salamat, ha, Hijo, dahil nakita mo siya. Pagpasensyahan mo na din at naabala ka.” Ginulo-gulo ng matandang lalaki ang buhok ng bata na nakangiti.

“Walang anuman po.” I lowered myself again and smiled at the young boy. “Pakabait, okay?” Wag nang lalayo sa lolo at lola mo. Baka iba ang makakuha sa ’yo, hindi mo na sila makikita.”

Tumango siya at humalik pa sa pisngi ko. “Thank you, Mr. Lex. Lolo,” tumingin siya sa matanda, “kain po tayo sa *McDo*. Gutom na po ako, eh. Isama natin si Mr. Lex.”

Tatanggi pa sana ako kaso talagang makulit ang maliit na Alexis kaya sumama na ako sa kanila. Ang lakas palang kumain ng batang ito. May burger na, may chicken pa, may spaghetti at may sundae pa.

“Dahan-dahan, baka mabulunan ka.” Pinunasan ko ang labi niya na nalagyan ng sauce ng spaghetti.

“Falcon ba ika mo ang apelyido mo, Hijo?” Napatingin ako kay Tatay James, ang lolo ni Alex. Iyon ang gusto nilang itawag ko sa kanila: Tatay James at Nanay Annie.

Tumango ako. “May kilala po ba kayong Falcon?” What a silly question. Of course, Falcon is a big name in the business industry.

“Oo. Kaanu-ano mo si Alejandro Falcon?” tanong niya.

Ngumiti ako. “He’s my grandfather. How do you know him?” Nilagyan ko ng ketsup ang styro plate ni Alex. Abala pa rin ang bata sa pagkain.

“Dati kasi akong nagtatrabaho doon. I resigned seven years ago.” Nakita kong hinawakan ng matandang lalaki ang kamay ng asawa. Ngumiti naman si Nanay Annie dito.

They were like my parents, sweet pa rin sa isa’t isa matapos ang ilang taon ng pagsasama.

“Bakit po kayo nag-resign if I may ask?” kunot-noo kong tanong.

“Family problem.” Saglit ang nakita kong kalungkutan sa mga mata ng matandang lalaki. “But I’m well compensated.” Muli siyang ngumiti sa akin.

“Ano na po’ng ikinabubuhay n’yo ngayon?” Curious lang naman ako.

“Sa nakuha kong pera mula sa pagre-resign, nakapagpatayo kami ng mini-grocery. Ayos naman sa awa ng Diyos,” nakangiting sagot niya.

“Good to hear that.” Napatingin ako sa batang katabi ko. “You’re done?”

Tumango-tango siya habang sumisipsip ng orange juice.

“Magana talagang kumain iyan, eh.” Inabot ni Nanay Annie ang apo at pinunasan ang labi.

“Kaya pala mabilog po.” Kinurot ko ulit ang pisngi ng bata.

“Mr. Lex, pwede ko po ba kayong ma-text minsan?” inosenteng tanong niya.

“Alexis!” saway ni Nanay Annie habang pinanlalakihan ng mata ang makulit na paslit.

“Okay lang po, Nanay,” sabi ko at nakangiting inilabas ang cellphone ko. “Nanay, ano po ang number n’yo? Missed call ko po



kayo tapos paki-save ang number ko.” Pagkasabi ng numero ay tinawagan ko iyon.

“Okay, Alex, kapag gusto mo akong makausap, hanapin mo sa cellphone ni Lola ang ‘Tito Lex’, okay? Teka, marunong ka na bang magbasa?”

“Syempre naman po.” Iniliyad pa niya ang dibdib.

“Nanay, Tatay, kapag po gusto n’ya akong makausap, i-missed call n’yo lang po ako. Ako na po ang tatawag sa inyo,” sabi ko at tumingin sa wrist watch ko. “Ihahatid ko na po kayo,” alok ko sa kanila.

“Naku, hindi na.” Sabay pang napailing ang dalawang matanda.

“Ako gusto ko po!” Nagtaas ng kamay ang bulinggit.

“Alexis, masyado nang naabala si Lex dahil sa iyo. Behave. Magagalit ang mommy mo,” umiiling-iling na sabi ni Tatay James na ikinanlaki ng mga mata ng bata.

“Sige po, Mr. Lex...”

“*Tito Lex*,” pagtatama ko habang ginugulo ang kanyang buhok.

“Tito Lex po pala. Okay na po. ‘Wag n’yo na kaming ihatid.” Natawa ako nang umiling-iling pa siya. “Thank you na lang po.” Then, he smiled at me. Nakita ko na naman ang dalawa niyang dimples.

“Okay. Basta kapag gusto mo akong makausap, missed call ka lang, ha?” Hinalikan ko ang ulo niya at kinabig siya palapit sa akin. “Una na po ako sa inyo,” paalam ko saka tuluyan nang tumayo at iniwan silang tatlo.

Nangingiti pa rin ako habang sakay ng kotse. Sana talaga nagpahatid na lang sila sa akin. “What an adorable boy.”

## Bea's POV

“Alexis Mason Antonio!” Pinamaywangan ko ang makulit kong anak. Nakatuntong siya sa lamesita namin at kapantay ko na ang taas.

“Mommy, naglalaro lang naman po ako kanina, eh. Tapos paglabas ko, biglang nawala sina Lolo!” Nanlalaki pa ang mata niya habang nangangatwiran!

Narinig kong naghagigikan ang tatlo kong bugok na mga kuya. Nilinong ko sila at pinanlakihan ng mata. Kaya spoiled ang makulit na ito, eh, ang dami kasing tagapagtanggol.

“Don’t do that ever and ever and ever again.” Tinitigan ko si Kulit. “Eh, paano kung hindi mabait ang nakakuha sa ’yo? Paano kung...” Horror came to me. Nangilid ang luha ko.

Napansin ni Mason iyon. Hinawakan ng maliit niyang daliri ang gilid ng mata kong may luha. “Sorry po, Mommy. Promise, di na po ako uulit. I love you, Mommy. ‘Wag ka nang iiyak, ha,” he said and hugged me.

Gumanti ako ng yakap. Hindi ko alam ang gagawin ko kung mawawala sa akin si Mason.

“Nay, ano po ulit ang pangalan ng nakakuha kay Mason?” Bago pa nakasagot si Nanay, nag-ring na ang phone ko.

Si Troy iyon, ang masugid kong manliligaw.

At dahil nakatayo pa rin si Mason sa mesa, nakita niya kung sino ang tumatawag. Inilahad niya ang maliit niyang kamay. Ibig niyong sabihin, iabot ko sa kanya ang cellphone ko. Na siya ko ngang ginawa.

Laging siya ang unang sumasagot sa mga tawag sa akin. Mas mahipit pa siya kay Tatay at sa mga kapatid ko.

“Good evening, this is Mason. Yes, Tito Troy?” Aba at seryoso ang makulit! Nakangiti ko siyang binuhat at naupo kami sa sofa. “Okay lang naman po ako. Si Mommy? Sa tabi ko po. Bakit po?”

Gusto n'yo po siyang i-date bukas? Pwede naman po, kaso lang di po kayo pwedeng gabihin tapos kasama ako. Tapo—” Sinenyasan ko siyang iabot sa akin ang telepono na agad naman niyang ginawa.

“I’m sorry, Troy.” Tumayo ako at naglakad palapit sa bintana.

Narinig kong nag-ring ang phone ng nanay ko at iniabot iyon kay Mason. Tumalikod na ako sa kanila.